**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 25-31




# Pagdalumat sa makabagong paraan ng pagsulat at pagbigkas ng tula

Portillo, Garry A., II ✉
*Leyte Normal University, Philippines (portillogarry.lnu@gmail.com)*

**Received**: 29 July 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24817

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Society has often viewed literary forms, particularly spoken word poetry, in terms of its form and style as opposed to its function and societal relevance. This study examines spoken word poetry and its impact to the voice of our Youth in this new normal situation and by means of addressing pressing social realities. This perspective will be analyzed through data gathered from different local artists/writers/performers conducted through zoom/google meet, participants chosen were a local writers and experienced performers of Spoken Word Poetry in different regions. Observations of the recorded videos of the well-known writers and poets in the world of Spoken World Poetry namely Juan Miguel Severo, Carlo Hornilla and Martin Naling. Interviews made as well with the Youth to determine the knowledge they have in this art form. This study used a qualitative approach since it deals on the content-based and literary context. Deep analysis made in understanding the craft and the use of it in the society nowadays. All of these will be incorporated into a textual discourse. This study achieves that spoken word is a tool for artistic expression, it can also serve as an outlet for marginal representation which in effect may bring about social action and change.

***Keywords:*** analysis, issue, literary, poetry, spoken word

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Pagdalumat sa makabagong paraan ng pagsulat at pagbigkas ng tula

## 1. Introduksyon

Ang panitikan ng Pilipinas ay patuloy na lumalago habang lumilipas ang panahon. Sinasabing ang panitikan ay repleksyon ng karanasan at buhay ng tao na makahulugang naisusulat at malikhaing naipapahayag. Di maitatanggi na katulad ng wika, ang panitkan ay dinamiko—patuloy na nagbabago bunsod din ng pagusbong ng makabagong teknolohiya. Ang panitikan ay nabubuo batay sa karanasan ng isang tao sa pag-ibig, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, kaligayahan, kalungkutan, paghihiganti at iba pa.

Ayon kay Wilson (2007) isa sa mga umuusbong at hanggang ngayon ay namamayagpag pa rin sa larangan ng panitikan ay ang panulaan. Ang tula ay nakita bilang isang lugar kung saan mahahanap ang isang boses, parehong literal at may malalim na pagpapakahulugan. Ito ay kuwento ng indibidwal na karanasan at nagbibigay-daan sa kakayahang matuklasan ang boses ng isang tao na resulta ng tula na nagpapahintulot na galugarin ang mundo sa pamamagitan ng anyo ng wika't tula.

Ang tula ay isang uri ng anyong patula na kung saan ay nangangailangan ng masusing pagpili ng mga salita, pagbilang ng mga pantig at paghahanap ng mga magkakatugmang salita upang maipadama ang isang damdamin o kaisipang nais ipahayag ng isang manunulat. Ayon kay Julian Cruz Balmaceda, ang tula ay isang kaisipang naglalarawan ng kagandahan, ng kariktan na nagtitipon sa isang kaisipan upang maangkin ang karapatang matawag na tula.Ayon din kay Iñigo Ed. Regalado, ang tula ay kagandahan, diwa, katas, larawan at kabuuang tonong kariktang makikita sa silong ng alinmang langit (Sauco et. al 2004).

Ang tula ay nagkaroon ng bagong anyo simula ng hamakin at ilantad ni Alejandro Abadilla "Ama ng Makabagong Tula" ang kanyang akdang "Ako ang Daigdig" taong 1955 kung saan ito ay pagtiwalag sa tradisyunal na istruktura at pagbuo ng tula. Ipinakita na ang panitikan ay makulay kung ito ay bibigyang buhay. Hinamak ni AGA ang mga manunulat sa paraang pag-aklas sa tradisyunal na sukat at tugma at pagpapakilala sa makabagong istruktura ng Tula. Itinuturing ang tula niyang "Ako ang Daigdig" na hudyat ng pagsilang ng Modernistang pagtula sa Tagalog bukod sa lumikha ito ng malaking kontrobersiya sa nilalaman at sa anyong may malayang taludturan (Abadilla, 2015).

Bagamat naipakilala na ang makabagong istruktura ng tula pitong dekada na ang nakalipas ay maituturing pa rin na nakatali ang kasalukuyan sa tradisyunal na pagsulat at pagbigkas ng tula. Sa akademiko, ang mga mag-aaral ay tradisyunal pa rin ang paraan ng paglathala ng kanilang tula at ganun din ang pagbigkas na animo'y may ritmo o tonong sinusunod. May sukat at ritmo pa rin silang sinusunod sa larangan ng Tula. Naging instrumento sa pagpapalaya ng mga masisidhing damdamin ang pagsulat at pagbigkas ng tula para sa mga kabataan sa kasalukuyan ngunit lingid pa rin sa kaalaman nila na may makabagong paraan kung saan mas mapapahayag nila ng masining ang kanilang damdamin o saloobin at ito ay umusbong taong 2015, na tinawag at kinilala bilang *Spoken Word Poetry*.

Isang masining na pagsasalitang itinatanghal sa entablado ang **spoken word poetry** na tumatalakay sa iba't ibang isyu sa lipunan. Binibigkas nang mahusay sa paraang patula na binibigyan ng emosyon na tatawag pansin sa damdamin ng mga nakikinig. Binanggit ni Atienza (2014) na ang mga tula ay nanghihikayat ng matalik na pakikipag-unawaan ng mga nagpapalitan ng taludtod. Pansinin, halimbawa, ang mga bugtong. Palibhasa'y paligsahan sa kahusayan sa obserbasyon at pagmamasid sa literal na nilalarawan ng mga salita at ng tinutukoy ng mga salita. Pinatatalas nito ang pandama ng tagapakinig samantalang dumudukal sa sakop ng kanyang karanasan upang makahanap ng kasagutan kaya't nagiging hasaan ng talino at gilas sa mapanuring pag-iisip.

Ang *Spoken Word Poetry* ay natutukoy bilang isang anyo ng tula na nagtitipon ng mga tradisyong pasalita, tawag at tugon, mga wika sa tahanan, pagkukuwento, at pagtutol. Ang *Spoken Word Poetry* ay karaniwang

naririnig at ginaganap sa harap ng madla (Desai & Marsh, 2005). Ipinaliwanag nina Herndon at Weiss (2001) na ang *Spoken Word Poetry* ay isang pagpapahayag ng isang ibinahaging wika at kuwento sa madla at nakabubuo ng ugnayan sa pagitan ng madla at makata hingil sa pananaw, saloobin, opinyon, damdamin sa pangyayaring panlipunan.

Binigyang turan naman nina Sparks at Grochowski (2002) ang *Spoken Word Poetry* bilang isang boses para sa mga kabataan upang tukuyin ang kanilang sarili at magsilbing testimonya ng kanilang sariling pagpapatunay at karanasan na kanilang nararanasan. Gayundin, pinapayagan nito ang mga kabataan na hindi lamang maging kritikal sa paghubog ng kanilang sariling pagkakakilanlan, ngunit sa pamamagitan ng pagmamanipula ng wika at ginagawa itong naaangkop upang hikayatin ang pagpapakilala sa sarili o pansariling ekspresyon.

Ang spoken word poetry ay ang binibigkas na tula at ginamit ito upang magkuwento – heto ang mga halimbawa tungkol sa wika. Ang Spoken Word Poetry ay isang uri ng tula kung saan binabasa ng may-akda ng malakas ang tula sa madla, o "isinalaysay". Ang binibigkas na tula ng tula ay mas mapanlikha at mapaghamong gumanap kaysa sa tradisyonal na tula. Ang pagbigkas na ito ay pinasidhi at pinasining na pagkukuwento ng buhay, karanasan, isyung panlipunan at anumang bagay-bagay sa mundo. Pagdating sa pagsulat ng Spoken Word Poetry, ito ay malayang taludturan, walang sukat, walang tugmaan at habang sinusunod.

Sa pagpasok ng mundo sa panibagong pahina, ay tuluyan na ding binuksan ng Pilipinas ang pintuan nito upang salubungin ang pagdating ng spoken word poetry. Ngunit lingid sa kaalaman ng iba ay matagal na din palang namamalagi ang tinig na ito sa bansa sapagkat noong taong 2005 pa lamang.

Nag-ugat ang kagustuhan ng mga mananaliksk na maisakatuparan ang pag-aaral na ito batay sa kanyang obserbasyon. Naging kapansinpansin sa mga mananaliksik ang kawalan ng interes ng mga kabataan sa pagbabasa at pakikinig ng mga akdang pampanitikan partikular na ang Tula. Isa sa malaking epekto para mawalan ng interes ang mga kabataan dahil sa nakasanayan at walang makabagong tunog na napakikinggan o makabagong anyo silang natutuklasan. Isa pa sa mga nakikitang suliranin ng mga mananaliksik ay ang hindi lubusang nauunawaan ang mensahe ng tulang kanilang nabasa o napakinggan. Nagpapahirap sa kanila ay ang paggamit ng mga matatalinghagang salita ng may-akda ngunit ang mga ito 'y hindi naman maiiwasan sapagkat mabisang paraan ito upang mas lalong mapaganda at masining ang kalalabasan ng kanilang akda.

Binanggit ni Coroza (2006) isang malaking pangangailangan na makilala ng mga mag-aaral o magtuturo ng pagsulat ng tula ang poetiko, historiko, at tematikong pagsulong ng pagtula sa Pilipinas. Sa pamamagitan nito, mapag-iiba nila ang pagtula ni Balagtas at ng mga sinaunang Pilipino, mauunawaan nila kung paano binagayan at binago nina Jose Corazon de Jesus at Amado Hernandez ang pagtula ni Balagtas, at mapahahalagahan nila ang mga inobasyong ipinasok nina Alejandro Abadilla, Rio Alma, Rogelio Mangahas, Lamberto Antonio sa pananaludtod at pananalinghaga. Gayundin, maipaliliwanag nila kung bakit moderno kahit parang tunog pambalagtasan ang tula ni Teo Antonio at kung bakit tula ang mga prosang itim ni Mike L. Bigornia.

Sa tulong ng apat na tula ng iba't ibang manunula at manunulat ng *Spoken Word Poetry* sa kasalukuyang panahon, hinahangad ng mga mananaliksik na mabigyang kamalayan ang mga mamamayan partikular na ang mga kabataan sa makabagong pagsulat at pagbigkas ng tula upang maging daluyan at sining ng kanilang paraan ng pagpapahayag ng damdamin o saloobin. Mabigyang linaw rin ang kanilang konotasyon patungkol sa paksain ng *Spoken Word Poetry* na kadalasan ay patungkol sa pag-ibig ang tinatalakay. Dahil sa hiwagang taglay ng tula, higit na napagtibay ang kawilihan at kagustuhan ng mananaliksik na ipagpatuloy ang pag-aaral, ito'y higit na makatutulong sa mag-aaral, guro, at mga mananaliksik.

## 2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay kuwalitatibong pag-aaral ng penomenolohikal na disenyong sa paglalarawan at pagsusuri sa mga akdang *Spoken Word Poetry*. Batay sa Nilalaman, Istruktura ng Pagsulat at Paraan ng pagbigkas/pagtatanghal. Sinuri ng ilang manunulat at personal na pagsusuri ng mananaliksik ang apat na akda

mula sa iba't ibang kilala sa larangan ng pagsulat at pagbigkas ng *Spoken Word Poetry*.

Dalawang guro sa Filipino at tatlong manunulat ng lungsod Tacloban kasama na ang mga mananaliksik, ang mga tagapagsuri ng mga napiling akda. Sa tulong ng nakabalangkas na panayam o *Semi-Structured Interview*, gamit ang zoom meeting o virtual na panayam ang instrumentong ginamit upang matiyak ang mga impormasyong manggagaling ay may kaugnayan sa mga akda. Ginamit ang tematikong analisis sa pag-aaral bilang paraan ng tritment sa mag datos na nalikom. Ang bawat magkauugnay na sagot, kaisipan, at konteksto ay pinagsama-sama upang palitawin ang nilalaman, istruktura at paraan ng pagbigkas ng *Spoken Word Poetry*.

Ang pag-aaral na ito ay sumusunod sa kabuuang pagsasagawa at binigyang halaga ang buong proseso sa isinasaad na pamantayang etika ng pananaliksik mula sa pangangalap, paglikom ng mga datos, pag-analisa, pagbibigay lagom at konklusyon. Walang anumang panganib ang Nakita sapagkat ang mga kinapanayam o nagging bahagi ng Pagsusuri ay propesyunal at may malawak na karanasan at kaalaman patungkol sa *Spoken Word Poetry.*

## 3. Mga resulta at diskusyon

Nakapaloob sa bahaging ito ang presentasyon at pagpapakahulugan sa mga nakalap na datos at impormasyon sa isinagawang virtual na panayam. Ang *Spoken Word Poetry* ay naglalayong pagyamanin ang wika at kultura, gayundin ang bigyang kamalayan ang kabataan at mga mamamayan sa mga isyung panlipunan na kinakaharap ng bansa. Ipinakikilala ng mananaliksik sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba ang paksain at nilalaman ng mga akdang sinuri, istruktura ng pagkasulat at ang mga dapat isaalang-alang sa pagbigkas/pagtatanghal ng Spoken Word Poetry upang magamit ng kabataan sa masining na paglalahad ng kanilang damdamin, saloobin, o opinyon na may kaugnayan sa kanilang obserbasyon at karanasan.

**Talahanayan 1**

| Nilalaman | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Akda | Tema | Mensahe | Implikasyon sa Sarili | Implikasyon sa Lipunan |
| "Ang Kalungkutan ay Suwail na Bisita " ni Juan Miguel Severo | Depresiyon; Kawalan ng gana sa lahat ng bagay | Ang kalungkutan ay kaakibat ng natapos na kaligayahan. Ito'y nagpapahiwatig na ang tao ay nakararanas ng masidhing kalungkutan at nangangailangan ng kausap at pag-unawa, hindi ang paghuhusga. | Huwag sarilihin ang problema, huwag magmukmok sa kwarto upang isipin ng malalim ang mga bagaybagay lalopa't yung mga dahilan kung bakit ka nalulungkot. Hikayatin ang sarili na tingnan ang iba pang bagay na kailangang pagtuonan ng oras at pansin. Paglaanan ng oras ang sarili upang madiskubre ang mga bagay-bagay na makapauunlad sa sarili mo. | Ang Depresyon, ay hindi biro. Kung mayroon man tayong kakilalang nakararanas ng ganitong karamdaman. Marapating manatili sa kanyang tabi at pakinggan lahat ng kanyang mga hinaing. Buksan lamang ang tenga upang pakinggan sila, at unawain ang kadahilanan kung bakit sila nalulungkot. Ito lamang ang solusyon upang maiwasan ang pagdami ng ganitong kaso at maisalba ang mga buhay tinatangkang putulin. |
| "Adik sa Bato" ni Carlo Hornilla | Laban kontra droga | Gaano kadaling mapagkamalang adik sa panahong ito. Kamay na bakal ang pinaiiral sa halip na proseso ng paglilitis. | Kung kaya mong magmahal ng taong di ka gusto, naway ganun din ang pagmamahal mo sa bayan: may pusong bayani na handang magbuwis ng buhay, maging tapat, na may malinis na konsensya. | Hindi lahat ng pangalan na naisasama sa listahan ng tokhang, ay gumagamit ng droga, yung iba ay pinupolitika lamang at ang iba naman ay inosenteng nadadamay lamang. |
| "Huling Piyesa ng Pangarap" ni Martin Naling | Pangarap | Sundin ang puso sa pagkamit ng pangarap na tatahakin kahit na ito ay hindi kagustuhan o pinangarap ng iba para sayo, | Piliin mo kung saang propesyon ka magiging masaya, hind isa kung ano yung gusto nila para sayo. | Huwag pilitin o ipilit na gawin ang nais makita ng iba sayo. Lahat ng propesyon may gampanin sa lipunan at walang propesyon na nakatataas pagdating |

| | | |
|---|---|---|
| | lalong lalo na yung pinagarap ng mga magulang natin para sa atin. | sa trabaho, marahil sa sweldo – maari. Ang pera ay kikitain o mahahanap ngunit ang kaligayahan at katuparan sa pakiramdam ng tao, ay bibihira lamang makamtan dahil sa iniintindi natin kung ano ang sasabihin ng ibang tao. |

Makikita sa Talahanayan 1, ang mga akdang *Spoken Word Poetry* na sinuri at hinimayhimay upang palitawin ang nilalaman at implikasyon nito sa sarili at sa lipunan. Sa unang hanay ay ang akdang "Ang Kalungkutan ay Suwail na Bisita" ni Juan Miguel Severo na pumapaksa sa Depresyon na kasalukuyang talamak at nararanasan ng mga kabataan ngayon sa kalagitnaan ng Pandemic. Dahil sa pandemic nabigyan ng pagkakataon ang bawat isa na magnilay-nilay sa mga maganda at di magandang nagaganap sa sarili at sa lipunan, sa kabila nito ay nagkaroon din ng makitid na mundo para sa mga tao sa aspetong kalayaan. Kung kaya't ang piyesang ito ay masasabing repleka ng mga karanasan ng mga kabataan o tao na nakararanas ng Depresyon.

Sa ikalawang hanay ay ang akdang "Adik" ni Carlo Hornilla, isa sa mga kontrobersyal na isyu sa lipunan ito ay may kaugnayan sa "Laban kontra Droga" na humantong sa "Extra Judicial Killing" sa panahon ng administrasyong Duterte. Ang piyesang kanyang itinanghal sa Ampalaya Monologue, ay nakakuha ng samu't saring reaksyon sa madla sapagkat ito'y animo'y pumapaksa sa pagsinta o palihim na pag-irog sa isang dilag ngunit sa kalauna'y ito pala ay pagmamahal sa bayan, na handing magbuwis ng buhay , handing mamatay na may malinis na konsensya. Ito rin ay nagpapahayag, kung gaano kabilis mapagkamalang adik o gumagamit ng bato sa panahon ngayon, at ang proseso sa pagkamit ng hustisya ay idinadaan lamang sa kamay nang iilan.

Sa ikatlong hanay makikita ang akdang "Huling Piyesa ng Pangarap" ni Martin Naling, ito ay pumapaksa sa pagsunod ng pangarap sa kabila ng pangarap na kagustuhan ng iba para sayo. Ito ay nagpapakita sa kung paano tingnan ng lipunan ang antas ng propesyon na kinabibilangan ng tao, lalong lalo na kung ang pangarap ng isang tao ay may kaugnayan sa sining, pagsayaw, paniniyot, pag-awit, at iba pa. Ipinapakita dito na mahirap sundin ang pangarap mo kung marami ang tutol o hadlang upang matupad ito, lalong lalo na kung ang pangarap ng magulang mo para sayo ay iba sa gusto mong maging. Sa bandang dulo, nangibabaw pa rin ang puso sa sining kaysa sa gusto ng ibang tao. Bagamat iilan lamang ang bukas ang isipan sa pagtanggap ng sining bilang propesyon ay nanaig pa rin sa piyesang ito na mas magaang pumasok sa trabaho kung ang propesyong nakuha mo ay gusto mo, sa kabilang dako naman mas mahihirapan ang tao sa pagtatrabaho kung ito ay turan lamang ng ibang tao.

**Talahanayan 2**

| PAGSULAT NG TULA / ISTRUKTURA | | | | |
|---|---|---|---|---|
| AKDA | BILANG NG TALUDTOD | BILANG NG SAKNONG | TUGMAAN | URI NG TAYUTAY NA NA KARANIWANG GINAMIT |
| "Ang Kalungkutan ay Suwail na Bisita "ni Juan Miguel Severo | 74 | 6 | Tugmaang ganap | Metapora, Pagtutulad, at Personipikasyon |
| "Adik sa Bato" ni Carlo Hornilla | 108 | 25 | Tugmaang di Ganap | Metapora, Pagtutulad at Personipikasyon |
| "Huling Piyesa ng Pangarap" ni Martin Naling | 118 | 19 | Tugmaang ganap | Metapora at Pagtutulad |

Sa akdang **"Ang Kalungkutan ay Suwail na Bisita"** ni Juan Miguel Severo ito ay naglalaman ng 74 taludtod at walang bilang na sinusunod, may tugmaang ganap, may 6 na saknong,at ang karaniwang tayutay na ginagmit ng may akda ay metapora o pagmamalabis, pagtutulad at personipiksayon. Sa akdang **"Adik"** ni Carlo Hornilla, ito ay naglalaman ng 108 taludtod at walang bilang na sinusunod, may 25 na saknong, may tugmaang di-ganap at ang karaniwang tayutay na ginagamit ng may akda ay metapora o pagmamalabis, pagtutulad at personipiksayon. Sa akdang **"Huling Piyesa ng Pangarap"** ni Martin Naling, ito ay naglalaman ng 118 taludtod at walang bilang na sinusunod, may 19 na saknong, may tugmaang ganap at ang karaniwang tayutay na

ginagamit ng may akda ay metapora o pagmamalabis at pagtutulad.

**Talahanayan 3**

| PAGBIGKAS/PAGTANGHAL NG SPOKEN WORD POETRY | |
|---|---|
| MGA DAPAT ISAALANGALANG SA PAGBIGKAS | MGA DAHILAN AT DESKRIPSYON |
| Manunuod o Audience | Layunin ng manunula na mahikayat ang madla na maging vocal sa panahon ng pagtatanghal sa pamamagitan ng pakikilahok sa mismong tula na may mga pagbigkas ng papuri sa mga salita o parirala na piniling gamitin ng makata. |
| Persona | Sa pagkukuwento o pagtutula ay marapat na alam natin ang ating persona upang maikuwento o maitanghal natin ng maayos ang kuwento. Sa pamamagitan ng persona matutukoy ng mga manunuod ang tauhan sa likod ng piyesa. |
| Intonasyon | Sa pamamagitan ng pagtaas, pagbaba ng boses, hinto, antala at diin, ay maipahahayag natin ng masidhi o malugod ang emosyon ng piyesa. |
| Kilos, Galaw, Kumpas ng kamay | Malaki ang naitutulong ng pagkilos, paggalaw, at ng kumpas ng kamay sa entablado sapagkat nakadadagdag ito sa kariktan at kagandahan ng pagtatanghal. |
| Ekspresyon ng Mukha | Pandagdag upang maantig ang damdamin ng mga manunuod sa kung paano ipakita ng manunula ang emosyon ng tula sa kanyang mukha kung ito ba'y nasasaktan, nalulungkot, naninibugho o natutuwa. |
| Eye Contact | Ang mata ay bintana patungo sa kaluluwa ng tao. Sa pamamagitan ng pakikipag "eye contact" sa madla madadala mo ang mga tao na antabayanan o sumabay sa daloy ng kuwento/tulang iyong tinatanghal. |
| Ritmo o Indayog | Sa pamamagitan ng malayang ritmo at indayog na hindi nakabatay sa tradisyunal na paraan ng pagbigkas, nabibigyan natin ng maganda at makabagong anyo/tunog sa pandinig ng mga makikinig o manunuod. |

Sa **Talahanayan 3**, makikita ang pagsusuri sa paraan ng pagbigkas at ang mga dapat isaalangalang sa pagtatanghal ng Spoken Word Poetry.

Sa pagsusuri ng paraan ng pagbigkas at pagtatanghal sa tulong ng panunuod ng kanilang video, ay lumitaw ang mga dapat isaalang-alang sa pagbigkas/pagtatanghal ng Spoken Word Poetry. Higit na binigyang pansin ang tatlong piyesa ng mga kilalang manunula sa larangang ito. Batay sa pagsusuri, ang mga sumusunod ay ang mga dapat na isaalang-alang:

- Audience o Manunuod
- Persona
- Intonasyon
- Kilos/Galaw at Kumpas ng Kamay
- Ekspresyon ng Mukha
- Eye Contact
- Ritmo o Indayog

## 4. Konklusyon at rekomendasyon

Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang *Spoken Word Poetry* ay laganap na at kasalukuyang ginagamit ng mga kabataan sa pagpapahayag ng kanilang kaisipan, opinyon, damdamin, saloobin at pakikibaka sa mga isyung napapanahon. Ito ang nagiging daluyan ng mga kabataan ngayon upang maiwasan ang tinatawag na "Depresyon" sa paraang ito naiiwasan at naisasalba ang mga buhay at napapagaan nito ang sitwasyon o nararamdaman ng isang tao. Masasabing tumiwalag na ang panulaan sa tradisyonal na pagsulat at pagbigkas ng makabagong tula o *Spoken Word Poetry,* sapagkat nagkakaroon ng pagkamalikhain o sining ang paglikha ng tula sa paraang makabago.

Kung istruktura naman ang pag-uusapan, napatunayan sa pag-aaral na ito na malaki ang kaibahan ng

tradisyunal at modernong paraan ng pagsulat at pagbigkas ng tula. Kapansinpansin ang pagkalas ng istruktura sa nakasanayang paglikha. Ang *Spoken Word Poetry* ay walang sinusunod na tugmaan, bilang ng saknong at taludtod, at gayundin ang paksain nito, Malilinang sa isipan ng mga tao o kabataan na ang Spoken Word Poetry ay hindi lamang pumapaksa sa pag-ibig bagkus kaya rin nitong makisabay o makibaka sa mga napapanahong isyu ng lipunan maging sa global na aspeto.

Ayon sa mga natuklasan at konklusyon, iminumungkahi o inirerekomenda sa pag-aaral na ipakilala ng lubos sa mga kabataan at sa mga tao ang makabagong paraan ng pagsulat at pagbigkas ng tula. Magamit ang pag-aaral na ito upang maiwasan ang pagkitil ng sariling buhay, at mapagaan ang nararamdaman ng isang tao sa pamamagitan ng pagsulat at pagpapahayag gamit ang *Spoken Word Poetry*. Ito ay malaking hamon sa mundo ng panulaan na kumalas sa tradisyonal o nakasanayang istruktura ng tula. Ito rin ay patunay na yumayabong at lumalago ang panitikan, sa madaling sabi ito ay dinamiko patuloy na nagbabago. Bilang bahagi ng kultura, marapat lamang na tanggapin natin ng buong puso ang mga umuusbong na pagbabago lalong lalo na kung ito ay makatutulong na mapanatili ang kultura na ating nakagisnan at imulat ang lahat sa kagandahan, kariktan at hiwaga ng mundo ng panitikan.

## 5. Sanggunian


Abadilla, Alejandro. (2015). In V. Almario (Ed.), Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/abadilla-alejandro/

Atienza, G. C. (2014). Ang salitang dula: Talinghaga ng Di-Nasupil na Diwa ng Paglaya. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, *20*.

Coroza, M. M. (2006). Ang Dapat Mabatid ng Sinumang Tutula (O Magtuturo ng Pagsulat ng Tula).

Desai, S. R., & Marsh, T. (2005). Weaving multiple dialects in the classroom discourse: Poetry and spoken word. *Taboo*, *9*(2), 71-90.

Sauco, C. P., Papa, N. P., & Geronimo, J. R. (2004). Panitikan ng Pilipinas: Panrehiyon. Katha Pub.

Sparks, B., & Grochowski, C. (2002). Narratives of Youth: Cultural Critique through Spoken Word.

Weiss, J., & Herndon, S. (2001). *Brave New Voices: The YOUTH SPEAKS Guide to Teaching Spoken Word Poetry*. Heinemann, 88 Post Road West, PO Box 5007, Westport, CT 06881.

Wilson, A. (2007). Finding a voice? Do literary forms work creatively in teaching poetry writing? *Cambridge Journal of Education*, *37*(3), 441-457.